# Gabay sa Pamumuhay sa Pansamantalang Tuluyan sa Panahon ng Sakuna

## para sa mga Dayuhang Residente

**Salin sa Filipino**



| | |
|---|---|
| Pangalan | |
| Alam na Lengguwahe | |
| Lokal Na Samahan Sa Pagtugon Sa Sakuna Na Kinabibilangan Ko | |

Itago ito kasama ng mapa sa paglikas.
Maaaring makahingi ng mapa sa paglikas sa opisina ng pagtugon sa sakuna sa munisipyo.

# Panimula

Ang gabay na ito ay naglalaman ng impormasyon ukol sa ligtas na paglikas at pagiging matiwasay kung maganap ang lindol o tsunami .

Basahin ng mabuti ang gabay na ito.

Para mailigtas ang sarili at ang pamilya, maghanda tayo para sa lindol, tsunami at iba pang sakuna.

# Nilalaman

## Lindol/Tsunami

1 Lindol 3

2 Ano ang kinakailangang gawin kapag lumindol? 4

3 Pamumuhay sa pansamantalang tuluyan 8

4 Paghahanda para sa inaasahang lindol 13

## Malakas na pag-ulan/Bagyo

5 Kapag malakas ang ulan o may bagyo 15

## Pagkolekta ng impormasyon ukol sa sakuna

6 Mga ginagamit na salita sa wikang Hapon sa panahon ng sakuna 17

7 Impormasyon ukol sa lindol at tsunami 18

8 Tanggapan ng Paghahanda sa Sakuna sa Lungsod at Bayan (Sa wikang Hapon lamang) 19

9 Lugar na itinalagang paglilikasan 21

10 Talaan Ukol Sa Pagtugon Sa Sakuna 22

# 1

# Lindol

- Ang bansang Hapon ay madalas makaranas ng lindol. Hindi natin masabi kung kailan magaganap ang lindol.
- Kapag lumindol, pansamantalang titigil ang serbisyo ng tubig, ilaw at gas. Mahirap makatawag sa cellphone. Maaaring masira ang mga bahay at kalsada. Maaaring magkaroon ng tsunami. Maaaring magkaroon ng pagguho ng lupa.



## Pitak Bilis ng daloy ng tsunami

May pagkakataon na ang bilis ng daloy ng tsunami ay kasing bilis ng eroplano. Kapag nakaranas ng paglindol habang malapit sa dagat, agad na lumikas. Ang tsunami ay dulot ng paglindol sa malayong lugar. Kahit hindi naramdaman ang lindol, maaaring magkaroon ng kautusan na lumikas.

2

# Ano ang dapat gawin kapag lumindol?

Flowchart Ng Paglikas (Halimbawa)

**Kapag lumindol**

**May lindol!!!**

↓

Iligtas ang sarili.

↓

**Pagkatapos ng lindol**

① Siguraduhin na hindi nasugatan ang sarili o ang pamilya.
② Tingnan ang kundisyon ng loob ng bahay at ng kapaligiran.
③ Makinig ng balita sa radyo at telebisyon.

↓

- Panganib ng Sunog
- Panganib ng Tsunami
- Panganib ng Pagguho ng bahay

↓

**Pagkalipas ng 5~20 minuto**

Pumunta sa lugar na itinalagang paglilikasan sa lindol o gusali na itinalagang paglilikasan sa tsunami

↓

- Hindi na matirhan ang bahay dahil sa pinsala → Pumunta sa pansamantalang tuluyan
- Walang pinsala/maliit ang pinsala sa bahay → Pumunta sa bahay

Walang pinsala/maliit ang pinsala sa bahay → Pumunta sa bahay

**Pagkalipas ng 2~3 oras**

Pumunta sa pansamantalang tuluyan | Pumunta sa bahay

May pagkakaiba sa flowchart ng paglikas ang bawat siyudad at bayan.
Sumangguni sa opisina ng pagtugon sa sakuna sa munisipyo. (Sa wikang Hapon)

## (1) Mga kinakailangang gawin kapag lumindol

- Kapag lumindol, unahing iligtas ang sarili.
- Panganib ng sunog, tsunami at pagguho ng lupa
  ➡ Agad agad na lumikas.
- Kapag nasira ang bahay o mapanganib na tirhan ito, agad agad na lumikas.
- Maaaring manatili sa bahay kapag nasiguro na ligtas ito.

## (2) Unang lugar na paglilikasan

- Lumikas sa pinakamalapit na "Lugar na Itinalagang Paglilikasan"
- Kapag malapit sa dagat, lumikas agad agad sa pinakamalapit na "Pansamantalang Likasan kapag may Tsunami' , 'Gusali para sa Paglikas sa Tsunami' o sa mataas na lugar.

**Ang mga kautusan sa paglikas at mga anunsyo tuwing may sakuna ay ihahatid sa wikang Hapon. Alamin natin ang mga salitang may kinalaman sa pag-iwas sa sakuna.**

| Paraan ng pagbasa | Ibig sabihin | Larawan |
|---|---|---|
| **Hinanchi**<br>(Hinanbasho) | Kauna-unahang lugar na paglilikasan kapag lumindol.<br>Malawak na lugar tulad ng mga liwasan, dyim sa eskwelahan atbp. |  |
| **Tsunami hinanbasho**<br>(Takadai) | Lugar na paglilikasan kapag may tsunami.<br>Mataas na lugar kumpara sa paligid nito tulad ng bundok o burol. |  |
| **Tsunami hinan biru**<br>(Tsunamihinan tawaa) | Ang mataas na gusali o tore ay magsisilbing kanlungan laban sa tsunami.  |  |

➡ Ito ay maaari ring gamitin ng mga dayuhan.
➡ Pansamantalang paglilikasan hanggang maging ligtas ang sitwasyon. Hindi ito maaaring tulugan.

▶ Agad agad na darating ang tsunami. Kung malayo ang lugar na itinilagang paglilikasan, lumikas sa pinakamalapit na mataas na lugar.

**Kailangang alamin!**

Alamin ang pinakamalapit na lugar na inyong paglilikasan at isulat ito sa pahina 21.

## (3) Mga dapat tandaan sa oras ng paglikas

▶ Kapag lilikas mula sa bahay, siguraduhin na naisara ang plag ng gas.
Patayin ang breaker ng kuryente.

| Pangunahing plag ng gas | Breaker ng kuryente |
|---|---|






- Ilagay sa bakpak ang mga kailangang bagay kapag lilikas. (Emergency supply) Hanggat maaari, walang bitbit ang kamay.



Tingnan ang mga bagay na kakailanganin sa oras ng kagipitan sa pahina 14.

## (4) Kapag nasira ang bahay, lumikas sa `Pansamantalang Tuluyan' .

- Pagkatapos lumikas sa lugar na itinalagang paglilikasan o sa gusali/lugar para sa paglikas sa tsunami, maaaring bumalik sa bahay kapag nasiguro na walang panganib dulot ng sunog, tsunami o di kaya pagguho ng lupa.
- Kapag nasira ang bahay o may panganib na maguho ito, magtungo sa `Pansamantalang Tuluyan' .

**Mga salita sa wikang Hapon na ginagamit sa oras ng sakuna.**

| Paraan ng pagbasa | Ibig sabihin | Larawan |
|---|---|---|
| **Hinanjo** | Pansamantalang Tuluyan. Lugar kung saan pwedeng pansamantalang manuluyan ang mga mamamayan na nasiraan ng bahay. Maaaring tumuloy dito. Mga sentrong pang-komunidad o dyim ng eskwelahan. |  |





Pansamantalang tuluyan (Dyim ng eskwelahan atbp)



Anyo ng loob ng pansamantalang tuluyan (dyim)

### Alamin kung saan ito!

Alamin kung saan ang pinakamalapit na pansamantalang tuluyan' at isulat ito sa pahina 21.

3

# Pamumuhay sa pansamantalang tuluyan

- Ang pansamantalang tuluyan ay ang lugar kung saan lumilikas ang mga mamamayan na nasiraan ng bahay o may panganib na gumuho ang bahay.
  Dahil maraming tao ang tumutuloy sa pansamantalang tuluyan, maging sensitibo sa kapwa.
- Sundin ang alituntunin sa pansamantalang tuluyan.

## (1) Papaano pinapapatakbo ang pansamantalang tuluyan.

▶Ang grupo para sa pagtugon sa sakuna ay ang siyang mamamahala sa pagpapatakbo ng pansamantalang tuluyan.
Ang grupo para sa pagtugon sa sakuna ay binubuo ng mamamayan na nakatira malapit sa pansamantalang tuluyan at nagtutulungan tuwing may sakuna.
Kinakailangan magtulungan ang lahat sa mga gawain sa pansamantalang tuluyan dahil ang tulong mula sa pamahalaan ay hindi agad agad makakarating.

## (2) Mga kailangang gawin sa pansamantalang tuluyan

▶Kung mamumuhay sa pansamantalang tuluyan, tumulong sa grupo na nangangasiwa.

【Halimbawa】

- Ang lahat ay tulong tulong magluto ng pagkain, maglinis at magbuhat ng bagay atbp.
- Tulungan ang mga matanda, maysakit at mga bata.





▶Para sa mga marunong magsalita ng wikang Hapon, gumamit ng simpleng Hapon kapag nakipag-usap sa mga dayuhan.
▶Mag-interpret kapag kayo ay may kakayahan na makapagsalin

## (3) Mga alituntunin sa pamumuhay sa pansamantalang tuluyan

※Ang mga pangunahing alintutunin ay ang sumusunod na 8 alituntunin.
May pagkakaiba sa alintuntunin depende sa pansamantalang tuluyan.
Magtanong sa namamahala sa pansamanatalang tuluyan.

### ① Pagpapalista ng pangalan

▶Ipagbigay alam ang pangalan at adres sa namamahala pagkarating sa pansamantalang tuluyan.

### ② Sariling lugar na ibinigay sa pansamantalang tuluyan.

▶Magtanong sa namamahala sa pansamantalang tuluyan kung aling lugar ang maaaring gamitin.
▶Huwag pumasok sa lugar na itinalaga para sa ibang tao.




Kalagayan sa pansamantalang tuluyan (Sariling lugar)



(Larawan ng pansariling lugar na nahahati ng karton)

## ③ Iskedyul ng pamumuhay

- Hanggat maaari, sundin ang iskedyul ng pamumuhay ng mga taong nasa paligid.
- Ang taong nagtratrabaho sa gabi ay kinakailangan na mag-ingat na hindi makaistorbo sa ibang tao.




## ④ Mga kagamitang kinakailangan sa pang-araw araw na pamumuhay.

- Gamitin muna ang mga dalang gamit.
- Pagkatapos ay magbabahagi ng libreng pagkain, inumin, kumot at iba pa.
- Unang ipamamahagi ang mga gamit sa mga matatanda, maysakit at mga bata. Pumila ayon sa itinalagang pagkasunod-sunod.
- Ang kagamitan tulad ng lutuan, bentilador atbp sa pansamantalang tuluyan ay maaaring gamitin ng sino man.



Anyo ng pansamantalang tuluyan
(Anyo ng pamamahagi ng relief goods)



(Anyo ng mga kagamitan na maaaring gamitin ng sinuman)

## ⑤ Basura

▶Pagbukud-bukurin ang basura bago ito itapon sa itinalagang lugar.
Huwag iimbak ang basura ng matagal sa lugar ng tulugan.






## ⑥ Kubeta

▶Gamitin lamang ang kubeta na itinalaga para sa inyong paggamit.
(Mayroong mga kubeta na hindi ninyo maaaring gamitin)

## ⑦ Apoy

▶Huwag magsindi ng apoy sa pansamantalang tuluyan.
Manigarilyo lamang sa itinalagang lugar.






Lugar para sa paninigarilyo

## ⑧ Impormasyon

- Basahin ang pinakabagong impormasyon sa bulletin board ng pansamantalang tuluyan.
- Magtanong sa namamahala ng pansamantalang tuluyan kung hindi naiintindihan ang nakasulat.







Bulletin board sa pansamantalang tuluyan

Kayo ay mamumuhay sa pansamantalang tuluyan kasama ang inyong mga kapitbahay
Mahirap ang mamuhay kasama ang mga hindi kilalang tao.
Ugaliin natin na makipag-usap sa mga kapitbahay at pahalagahan ang pakikisama sa kanila.



4

# Paghahanda para sa inaasahang lindol

- Malaki ang pagkakaiba ng nakaugaliang pamumuhay kumpara sa pamumuhay sa pansamantalang tuluyan. Dahil napakaraming tao ang nanunuluyan sa pansamantalang tuluyan, may mga taong pagod at maysakit o maaaring magkasakit. Para hindi kinakailangan na mamuhay sa pansamantalang tuluyan, paghandaan natin na maaari pa rin mamuhay sa sariling tahanan bago pa man dumating ang lindol.

## (1) Paghahanda sa loob ng tahanan

▶ Kapag lumindol, maaaring matumba ang mga kasangkapan, maaaring malaglag ang laman ng kabinet, at maaaring mabasag ang salamin. Pagtibayin ang mga kasangkapan para hindi ito gumalaw at maiwasan ang pagkasugat. Siguraduhin din na malayo sa tulugan at labasan ang mga kasangkapan.



## (2) Mga bagay para sa oras ng kagipitan

- Maaaring mawalan ng kuryente, gas at tubig sa bahay. Kapag nasira ang imburnal, hindi na maaaring gamitin ang kubeta.
- Maghanda upang maaaring mamuhay sa sariling tahanan pagkatapos maganap ang sakuna.

**Halimbawa**



☐ Tubig (Sapat para sa 7 araw)

Bilang ng miyembro ng pamilya × 3 litro × 7 araw



☐ Pagkain (Sapat para sa 7 araw)



☐ Lutuan



☐ Portable na kubeta

## (3) Mga bagay na kailangang dalhin sa oras ng kagipitan

- Ilagay ang mga kakailanganin na bagay sa oras ng paglikas sa bakpak.

**Halimbawa**



☐ Pasaporte



☐ Ilaw



☐ Radyo



☐ Baterya



☐ Guwantes



☐ Gamot para sa pangkaraniwang sakit/ resetang gamot



☐ Tissue paper



☐ Damit, damit panloob



☐ Posporo, pansindi



☐ Kutsilyo



☐ Tubig



☐ Pagkain para sa oras ng kagipitan



☐ Pinggan at kubyertos



☐ Tuwalya



Dalhin lamang ang mga bagay na kayang buhatin.

5

# Kapag malakas ang ulan o may bagyo

## (1) Ano ang malakas na ulan/bagyo?

| Paraan ng pagbasa | Ibig sabihin |
|---|---|
| **Ooame** | Malakas ang pagbuhos ng ulan. Ito ay maaaring magdulot ng pagbaha at pag-apaw ng ilog. |
| **Taihuu** | Bagyo. Ang bagyo ay hindi lamang maaaring magdala ng malakas na pag-ulan kundi pati malakas na hangin. Ang malakas na hangin ay maaaring magdulot ng paglipad ng mga bagay at pagkabungkal ng punong-kahoy |

▶Kapag malakas ang pag-ulan o may bagyo, maaaring umapaw ang tubig sa ilog, bumaha sa lansangan at maging sa tahanan. Maaari ring magkaroon ng pagguho ng lupa sa mga matarik na lugar.



## (2) Paglikas kapag malakas ang ulan at bagyo

- Magkakaroon ng anunsyo sa radyo, telebisyon at PA system kung kinakailangan na lumikas. Makinig ng mabuti sa impormasyon※ mula sa munisipyo o city hall.



- Sa oras ng malakas na pag-ulan at bagyo, kahit walang impormasyon na kailangang lumikas, kayo ay lumikas kapag malapit sa ilog, dagat o bundok.



- Kapag mapanganib na magtungo sa itinalagang lugar na lilikasan, humanap ng ligtas na lugar sa bahay o di kaya magtungo sa pinakamalapit na ligtas na lugar. Ang ligtas na lugar sa loob ng bahay ay ang mataas na lugar na malayo sa matarik na dalisdis.



※Kayo ay makakatanggap ng pinakasariwang balita ukol sa paglindol, tsunami, malakas na pag-ulan o bagyo sa pamamagitan ng e-mail ukol sa pag-iwas sa sakuna ng lokal na pamahalaan (sa wikang Hapon) o di kaya sa pamamagitan ng facebook page ng lalawigan (sa wikang Ingles, Portuguese, Filipino at Hapon)

# 6 Mga salita sa wikang Hapon na ginagamit sa oras ng sakuna.

- Sa oras ng sakuna, ang impormasyon ay ihahatid sa wikang Hapon. Tandaan natin ang pagbigkas at ibig sabihin ng mga salita sa wikang Hapon.

| Salitang ginagamit | Ibig sabihin |
|---|---|
| Yoshin | Lindol na nagaganap pagkatapos ng malakas na lindol |
| Shindo | Lakas ng pagyanig (Halimbawa: Shindo 1, Shindo 2) |
| Toukai | Pagkatumba at pagkasira ng bahay at gusali. |
| Tsunami | Malakas at malaking alon na karaniwang dumarating pagkatapos ng lindol. |
| Kasai | Sunog |
| Teiden | Pagkawala ng kuryente. |
| Gakekuzure | Pagguho ng bundok. |
| Ooame | Malakas na buhos ng ulan na maaaring magdulot ng pagbaha at pag-apaw ng ilog. |
| Taihuu /Taifuu | Bagyo. Ang bagyo ay hindi lamang magdudulot ng malakas na pag-ulan kundi magdadala ng malakas na hangin. Ang malakas na hangin ay maaaring magdulot ng paglipad ng mga bagay at pagkabungkal ng mga punong-kahoy. |
| Hinan suru | Paglikas sa ligtas na lugar. |
| Hinan kankoku | Babala ng paglikas |
| Hinan shiji | Utos ng paglikas |
| Hinanchi (Hinanbasho) | Lugar na paglilikasan. Ang unang lugar na paglikasan kapag may lindol. Mga malawak na lugar tulad ng liwasan at dyim ng mga eskwelahan. |
| Tsunami hinan basho (Takadai) | Lugar na paglilikasan mula sa tsunami. Ito ay bundok o burol na mas mataas kaysa sa lugar sa paligid nito. |
| Tsunami hinan biru(tawaa) | Gusali o mataas na istraktura na maaring paglikasan sa oras ng tsunami |
| Hinanjo | Lugar kung saan ang mga mamamayan ay pansamantalang maaring tumuloy kapag nasira ang kanilang bahay o may panganib na gumuho ito. Maaaring pansamantalang mamuhay dito. Kadalasan ang dyim ng eskwelahan o sentro pang-komunidad |
| Takadai | Mas mataas na lugar kaysa sa paligid nito. |

| Salitang ginagamit | Ibig sabihin |
|---|---|
| Jishu bousai soshiki | Samahan ng mga residente na binuo upang ang mga nakatira malapit sa pansamantalang tuluyan ay makapagtulungan sa oras ng sakuna. |
| Bousai musen | PA system na nakakabit sa pampublikong lugar ng bayan para maghatid ng impormasyon. |

# 7 Impormasyon tungkol sa lindol at tsunami



- Mga halimbawa ng website at app sa smartphone na maaaring pagkuhanan ng impormasyon tungkol sa lindol at tsunami. Siguraduhin na tama ang impormasyon na inyong natanggap sa panahon ng paglikas. Mapanganib ang kumilos batay sa maling impormasyon.

| | | |
|---|---|---|
| NHK World (Radyo) | 18 Wika | http://www3.nhk.or.jp/nhkworld/ja/radio/ |
| Japan Life Guide (CLAIR) | 14 Wika | Maaaring i-download ang app sa App Store o Google Play<br>Japan Life Guide<br>Maaaring pagkuhanan ng pangkalahatang impormasyon ukol sa pamumuhay at lindol. |
| Impormasyon Ukol sa Sakuna ng Lalawigan ng Shizuoka SIPOS RADAR | Wikang Hapon | http://sipos.pref.shizuoka.jp/ (Maaaring magamit sa kompyuter) |
| Paghahanda sa Sakuna sa Lalawigan ng Shizuoka<br>App para sa Paghahanda sa Sakuna sa Lalawigan ng Shizuoka | 12 Wika<br>Takdang araw ng Pagtugon | Maaaring i-download ang app sa App Store o Google Play<br>Paghahanda sa Sakuna sa Lalawigan ng Shizuoka |
| Facebook ng Lalawigan ng Shizuoka<br>Impormasyon Ukol sa Sakuna, Impormasyon Ukol sa mga Kaganapan | Wikang Hapon | fb.com/shizuoka.bousai |
| | Ingles | fb.com/infoshizuoka.eng |
| | Portuguese | fb.com/infoshizuoka.por |
| | Tagalog/Filipino | fb.com/infoshizuoka.tag |
| | Bahasa Indonesia | fb.com/infoshizuoka.ina |
| Twitter ng Multikultural na Dibisyon ng Lalawigan ng Shizuoka | Ingles | @MtFujiShizuoka |

# 8 Tanggapan ng Paghahanda sa Sakuna sa Lungsod at Bayan (Sa wikang Hapon lamang)

| | Pangalan ng lungsod o siyudad | Tagapangasiwang dibisyon | Telepono |
|---|---|---|---|
| Bahagi ng Izu | Shimoda-shi | Bousai anzen-ka | 0558-36-4145 |
| | Higashi Izu-cho | Bousai-ka | 0557-95-1103 |
| | Kawazu-cho | Soumu-ka Bousai-kakari | 0558-34-1913 |
| | Minami Izu-cho | Soumu-ka Bousai-kakari | 0558-62-6211 |
| | Matsuzaki-cho | Soumu-ka Shoubou bosai-kakari | 0558-42-3963 |
| | Nishi Izu-cho | Bousai-ka | 0558-52-1965 |
| Bahagi ng Tobu | Numazu-shi | Kiki kanri-ka | 055-934-4803 |
| | Atami-shi | Kiki kanri-ka | 0557-86-6443 |
| | Mishima-shi | Kiki kanri-ka | 055-983-2650 |
| | Fujinomiya-shi | Kiki kanri-kyoku Kiki kanri-tantou | 0544-22-1319 |
| | Ito-shi | Kiki taisaku-ka Kiki taisaku-tantou | 0557-32-1362 |
| | Fuji-shi | Bousai kiki kanri-ka Bousai taisaku-tantou | 0545-55-2715 |
| | Gotemba-shi | Kiki kanri-ka | 0550-82-4370 |
| | Susono-shi | Kiki kanri-ka | 055-995-1817 |
| | Izu-shi | Bousai-anzen-ka | 0558-72-9867 |
| | Izu no Kuni-shi | Kiki kanri-ka | 055-948-1482 |
| | Kan'nami-cho | Soumu-ka Anzen-kakari | 055-979-8102 |
| | Shimizu-cho | Kurashi anzen-ka Bousai taisaku-kakari | 055-981-8205 |

| | Pangalan ng lungsod o siyudad | Tagapangasiwang dibisyon | Telepono |
|---|---|---|---|
| Bahagi ng Tobu | Nagaizumi-cho | Chiiki bousai-ka | 055-989-5505 |
| | Oyama-cho | Bousai-ka | 0550-76-5715 |
| Bahagi ng Chubu | Shizuoka-shi | Kiki kanri soushitsu Kiki kanri-ka | 054-221-1012 |
| | Shimada-shi | Kiki kanri-ka Kiki kanri-tantou | 0547-36-7320 |
| | Yaizu-shi | Bousai keikaku-ka | 054-625-0128 |
| | Fujieda-shi | Daikibo saigai taisaku-ka | 054-643-3119 |
| | Makinohara-shi | Bousai-ka | 0548-23-0056 |
| | Yoshida-cho | Bousai-ka | 0548-33-2164 |
| | Kawanehon-cho | Soumu-ka Jichi bousai shitsu | 0547-56-2220 |
| Bahagi ng Seibu | Hamamatsu-shi | Kiki kanri-ka | 053-457-2537 |
| | Iwata-shi | Kiki kanri-ka | 0538-37-2114 |
| | Kakegawa-shi | Kiki kanri-ka | 0537-21-1131 |
| | Fukuroi-shi | Kiki kanri-ka Kiki taisaku-kakari | 0538-44-3108 |
| | Kosai-shi | Kiki kanri-ka | 053-576-4538 |
| | Omaezaki-shi | Kiki kanri-ka Saigai taisaku-kakari | 0537-85-1119 |
| | Kikugawa-shi | Kiki kanri-ka | 0537-35-0923 |
| | Morimachi | Soumu-ka Bousai-kakari | 0538-85-6302 |

# 9 Lugar ng paglilikasan

- Ihanda ang mapa para sa paghahanda sa sakuna at ikumpirma ang mga sumusunod.

## (1) Ligtas ba ang lugar malapit sa bahay ninyo? Lagyan ng ☑

☐ Malapit sa karagatan ➡ Mapanganib sa tsunami

☐ Malapit sa bundok. ➡ Mapanganib sa pagguho ng lupa

Kapag tsinekan ninyo ang isa sa mga ito,
agad agad na lumikas kung may lindol o tsunami na maganap.

## (2) Ang inyong paglilikasan na lugar

Alamin kung saan ang pinakamalapit na lugar na maaaring paglikasan mula sa inyong tahanan.

### ▶ Unang maaaring paglikasan na lugar.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Paglilikasan na lugar | ・Lindol<br>・Tsunami | Pangalan ng lugar | |
| | | Adres | |
| | ・Bagyo<br>・Malakas na pag-ulan | Pangalan ng lugar | |
| | | Adres | |

### ▶ Pansamantalang tuluyan kapag nasira ang sariling tahanan.

| | | |
|---|---|---|
| Pansamantalang tuluyan | Pangalan ng lugar | |
| | Adres | |

# 10 Paalala Para sa Paghahanda sa Sakuna

- Alamin ang mga mahahalagang balita kapag may lindol o tsunami.

## Personal na Impormasyon

| | | | |
|---|---|---|---|
| Numero ng Pasaporte | | Numero ng Residence Kard | |
| Adres ng tirahan | | | |
| Pangalan ng eskwelahan o kumpanya | ☎ | | |
| Adres ng eskwelahan o kumpanya | | | |

## Impormasyon ng Pamilya

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan | | | |
| Numero ng Pasaporte | | Numero ng Residence Kard | |
| Pangalan ng eskwelahan o kumpanya | ☎ | | |
| Adres ng eskwelahan o kumpanya | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan | | | |
| Numero ng Pasaporte | | Numero ng Residence Kard | |
| Pangalan ng eskwelahan o kumpanya | ☎ | | |
| Adres ng eskwelahan o kumpanya | | | |

## Impormasyon ng kakilala (kaibigan o kamag-anak)

| | |
|---|---|
| Pangalan | ☎ |
| Pangalan | ☎ |
| Pangalan | ☎ |

## Pampublikong Tanggapan

| | | | |
|---|---|---|---|
| Bombero/Ambulansya | 119 | Serbisyo sa Pag-iwan ng Mensahe sa Panahon ng Sakuna | 171 |
| Pulisya | 110 | Embahada | |

## Iba pang mahalagang numero

| | |
|---|---|
| Pangalan | ☎ |
| Pangalan | ☎ |
| Pangalan | ☎ |



Sentro para sa Multikultural na Pangkalahatang Konsultasyon sa Lalawigan ng Shizuoka

CAMELLIA



**Kapag may problema sa bisa (kinakailangang kwalipikasyon para sa pamamalagi sa bansang Hapon), pag-aaral ng Nihongo, insurance sa kalusugan,buwis, trabaho, pag-aaral ng anak, pagpapatingin sa ospital at iba pang problema, ikonsulta na!**

**Tel /** 054-204-2000 **FAX /** 054-202-0932 **URL /** http://www.sir.or.jp/
**Mail /** sir07@sir.or.jp **Line /** sirlinefil **Facebook /** Adviser Shizuoka
**Skype /** siradviser **Messenger /** @adviser.shizuoka

**Samahang Pang-internasyonal ng Shizuoka**
**Shizuoka-shi, Suruga-ku, Minami-cho 14-1 Mizunomori Bldg 2F**

**Paglathala:** Departamento ng Multikultural na Pamumuhay,
Lalawigan ng Shizuoka
9-6 Ote-machi Aoi-ku Lungsod ng Shizuoka
TEL.054-221-3310
**Tagapamahala ng Editoryal:**
Departamento na Tagapamahala sa Panahon ng Kagipitan, Lalawigan ng Shizuoka
12/2019